**EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4**
**DIAGNOSTIC/ACHIEVEMENT TEST**

**TALAHANAYAN NG ISPESIPIKASYON**

| Layunin | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan | % |
|---|---|---|---|
| **ICT** | **10** | | |
| 1. Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng entrepreneurship. | 1 | 1 | 2.5 |
| 2. Natatalakay ang mga katangian ng isang entrepreneur. | 1 | 2 | 2.5 |
| 3. Natutukoy ang mga naging matagumpay na entrepreneur sa pamayanan, bansa at ibang bansa. | 2 | 3-4 | 5 |
| 4. Natatalakay ang iba't ibang uri ng negosyo. | 2 | 5-6 | 5 |
| 5. Naipaliliwanag ang mga panuntunan sa paggamit ng computer, internet at e-mail. | 1 | 7 | 2.5 |
| 6. Natatalakay ang mga panganib na dulot ng mga di kanais-nais na software, mga nilalaman, at mga pag-asal sa Internet. | 2 | 8-9 | 5 |
| 7. Nagagamit ang computer, internet at e-mail sa ligtas at responsableng pamamaraan. | 1 | 10 | 2.5 |
| | | | |
| **AGRICULTURE** | **10** | | |
| 8. Natatalakay ang pakinabang sa pagtatanim ng halamang ornamental, para sa pamilya at sa pamayanan. | 1 | 11 | 2.5 |
| 9. Nakakapagsagawa ng survey upang matukoy ang mga paraan ng pagtatanim at pagpapatubo. | 1 | 12 | 2.5 |
| 10. Naipapakita ang wastong pamamaraan sa pagpapatubo/pagtatanim ng halamang ornamental. | 1 | 13 | 2.5 |
| 11. Naipaliliwanag ang ilang paraan ng pagpaparami ng halaman tulad ng pagtatanim sa lata at layering/marcotting. | 2 | 14-15 | 5 |
| 12. Natatalakay ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan. | 2 | 16-17 | 5 |
| 13. Natutukoy ang mga hayop na maaaring alagaan sa tahanan. | 1 | 18 | 2.5 |
| 14. Naiisa-isa ang wastong pamamaraan ap ag-aalga ng hayop. | 1 | 19 | 2.5 |
| 15. Naitatala ang mga pag-iingat na dapat gawin kung mag-aalaga ng hayop. | 1 | 20 | 2.5 |
| | | | |
| **HOME ECONOMICS** | **11** | | |
| 16. Naisasagawa ang tungkulin sa sarili. | 1 | 21 | 2.5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 17. Nasasabi ang mga kagamitan sa paglilinis at pag-aayos ng sarili. | 1 | 22 | 2.5 |
| 18. Naipapakita ang wastong pamamaraan ng paglilinis at pag-aayos. | 1 | 23 | 2.5 |
| 19. Naiisa-isa ang mga paraan ng pagpapanatiling malinis ang kasuotan. | 1 | 24 | 2.5 |
| 20. Nasasabi ang mga kagamitan sa pananahi sa kamay. | 1 | 25 | 2.5 |
| 21. Naipapakita ang mabuting pag-uugali bilang kasapi ng mag-anak. | 1 | 26 | 2.5 |
| 22. Naiisa-isa ang mga gawain na makakatulong sa pangangalaga sa iba pang kasapi ng pamilya. | 1 | 27 | 2.5 |
| 23. Nakatutulong sa pagtanggap ng bisita sa bahay. | 1 | 28 | 2.5 |
| 24. Natutukoy ang angkop na kagamitan sa paglilinis ng bahay at bakuran. | 1 | 29 | 2.5 |
| 25. Naisasagawa ang wastong paraan ng paglilinis ng bahay at bakuran. | 1 | 30 | 2.5 |
| 26. Napapangkat ang mga pagkain ayon sa Go, Grow, Glow food. | 1 | 31 | 2.5 |
| | | | |
| **INDUSTRIAL ARTS** | **9** | | |
| 27. Nakikilala ang mga kagamitan sa pagsusukat. | 1 | 32 | 2.5 |
| 28. Natutukoy ang mga uri ng letra. | 1 | 33 | 2.5 |
| 29. Natutukoy ang ilang produkto na ginagamitan ng basic sketching, shading at outlining. | 1 | 34 | 2.5 |
| 30. Natutukoy ang ilang tao/negosyo sa pamayanan na ang pinagkakakitaan ang basic sketching, shading at outlining. | 1 | 35 | 2.5 |
| 31. Naiisa-isa ang mga kagamitan sa basic sketching, shading at outlining at ang wastong paggamit nito. | 1 | 36 | 2.5 |
| 32. Nasusunod ang mga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa. | 1 | 37 | 2.5 |
| 33. Natutukoy ang epekto ng di pag-iingat sa kapaligiran. | 1 | 38 | 2.5 |
| 34. Naipapakita ang mga gawi na dapat o di-dapat isaugali upang makatulong sa patuloy ap ag-unlad. | 1 | 39 | 2.5 |
| 35. Natutukoy ang mga regulasyon at kautusan ng pamahalaang lokal kaugnay sa napiling negosyong pangserbisyo at produkto. | 1 | 40 | 2.5 |
| | | | |
| **TOTAL** | **40** | | **100%** |

Inihanda ni

**Gng. SHARON H. MANUEL**
Teacher III

**EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4**
**DIAGNOSTIC/ACHIEVEMENT TEST**

Pangalan: ________________________________________ Iskor: ____________
Baitang: ________________________________________

**Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Ang entrepreneurship ay galing sa salitang French na ***entreprende*** na ang ibig sabihin ay _____.
   A. isaayos B. isagawa C. isabuhay D. isapuso
2. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng isang entrepreneur?
   A. Siya ay may matatag na loob, at tiwala sa sarili.
   B. Siya ay may kakayahan sa pagpaplano.
   C. Siya ay marunong lumutas ng suliranin.
   D. A,B at C
3. Siya ang tapagtatag at Chief Executive Officer (CEO) ng Facebook, ang pinakasikat na social networking site nagsimula sa Estados Unidos.
   A. Jawed Karim B. Steve Chen C. Larry Page D. Mark Zuckerberg
4. Hawak niya ang ilan sa mga nangungunang bangko sa bansa: ang Banco de Oro at China Banking Corporation.

A. Henry Sy B. Alfredo Yao C. David Consunji D. Lucio Tan

5. Si Steffi ay may Beauty Parlor. Ano ang serbisyong iniaalok ng negosyong ito?
   A. Nagluluto ng pagkain.
   B. Nag-aayos ng buhok.
   C. Gumagawa ng muwebles.
   D. Nananahi ng mga damit.
6. Si Matteo ay may Panaderya. Anong produkto ang ibinebenta nila?
   A. gadget B. karne C. tinapay D. gulay
7. Alin sa mga sumusunod ang nagpapaliwanag ng panuntunan sa paggamit ng computer, internet, at e-mail?
   A. Tiyakin kung aling website ang maaaring bisitahin.
   B. Magpainstall o magpalagay ng internet content filter.
   C. Makipag-unayan lamang sa mga kakilala o kaibigan tuwing online.
   D. A,B at C
8. Ang virus ay _____.
   A. Program na nakapipinsala ng computer at maaaring magbura ng files at iba pa.
   B. Isang nakakapinsalang program sa computer na nagpapadala ng mga kopya ng sarili nito sa ibang computer sa pamamagitan ng isang network.
   C. Nagtatala ng lahat ng mga pindot sa keyboard keystrokes at ipinapadala ang mga ang mga ito sa umaatake upang magnakaw ng mga password.
   D. Isang mapagkunwaring program na nakukunwaring isang kapaki-pakinabang na application ngunit pinipinsala ang iyong computer.
9. Ang Trojan horse ay _____.
   A. Program na nakapipinsala ng computer at maaaring magbura ng files at iba pa.
   B. Isang nakakapinsalang program sa computer na nagpapadala ng mga kopya ng sarili nito sa ibang computer sa pamamagitan ng isang network.
   C. Nagtatala ng lahat ng mga pindot sa keyboard keystrokes at ipinapadala ang mga ang mga ito sa umaatake upang magnakaw ng mga password.
   D. Isang mapagkunwaring program na nakukunwaring isang kapaki-pakinabang na application ngunit pinipinsala ang iyong computer.
10. Ang lahat ay kasanayan sa ligtas at responsableng paggamit ng computer, internet at e-mail maliban sa:
    A. Natitiyak na ligtas at maayos ang pinaglalagyan ng computer.
    B. Nakahahanap ng impormasyon sa mga hindi rekomendadong sites sa internet.
    C. Nakapag-se-share ng files sa mga kamag-aral upang makatulong sa paggawa ng takdang-aralin.
    D. Nakasusunod sa mga patakarang pinagkasunduan sa responsableng paggamit ng computer, internet at e-mail.
11. Alin sa mga sumusunod ang pakinabang sa pagtatanim ng halamang ornamental?
    A. Nagdudulot ng pagbaha at pagguho ng lupa.
    B. Nagbibigay lilim at sariwang hangin.
    C. Nagdudulot ng polusyon.
    D. Nakasisira ng paligid.
12. Alin sa mga sumusunod ang paraan ng pagtatanim at pagpapatubo sa gumamela?
    A. buto B. dahon C. sanga D. ugat
13. Alin sa mga sumusunod ang wastong paraan at pagtatanim sa tuwirang pagpapatubo?
    A. Ihanda ang lupang taniman at diligan.
    B. Lagyan ng patpat at tali na may buhol upang maging gabay.
    C. Gumawa ng butas sa ilalim ng buhol ay maghulog ng 2-3 butong pantanim.
    D. A,B,at C
14. Paano isinasagawa ang cutting?
    A. Ang sanga ay pinuputol at itinatanim.
    B. Ang sanga ay pinuputol, pinauugat at itinatanim.
    C. Ang sanga ay pinuputol, binabalot at itinatanim.
    D. Ang sanga ay pinuputol, binabalatan, binabalot at itinatanim.
15. Alin sa mga sumusunod ang hindi ginagawa sa marcotting?
    A. Pagtanggal ng balat.
    B. Pagkaskas sa panlabas na hibla ng sanga.
    C. Paglalagay ng lupa at lumot.
    D. Pagpuputol sa sanga.
16. Ano ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng aso?
    A. Nagbibigay ito ng itlog.
    B. Nagbibigay ito ng karne.
    C. Mainam na bantay sa bahay.
    D. Magaling humuli ng daga.
17. Ano ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng pusa?
    A. Nagbibigay ito ng itlog.
    C. Mainam na bantay sa bahay.

B. Nagbibigay ito ng karne. D. Magaling humuli ng daga.

18. Alin sa mga sumusunod na hayop ang maaaring alagaan sa bahay?
    A. ibon B. elepante C. tigre D. leon
19. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng wastong paraan ng pag-aalaga ng hayop?
    A. Panatilihing marumi ang kulungan ng hayop.
    B. Hayaan ang hayop na gumala sa kalsada.
    C. Bigyan ng sapat at malinis na tubig.
    D. Huwag pakainin ang alagang hayop.
20. Saan dapat dadalhin ang namatay na hayop sanhi ng pagkakasakit?
    A. Ibabaon sa lupa. C. Ibigay sa kapitbahay.
    B. Itatapon sa dagat. D. Hayaan sa loob ng kulungan.
21. Sino sa sumusunod ang nagsasagawa ng tungkulin sa kanyang sarili?
    A. Si Steffi ay minsan sa isang linggo maligo.
    B. Si Jackson ay laging kumakain ng balanced diet.
    C. Si Matteo ay hindi marunong magsepilyo ng ngipin.
    D. Si Winston ay mahilig uminom ng softdrinks at kumain ng junk foods.
22. Alin sa mga sumusunod ang mga kagamitan sa pag-aayos ng sarili?
    A. suklay, tuwalya, sepilyo, toothpaste C. cellphone, tablet, laptop, dvd player
    B. electric fan, washing machine, refrigerator D. baso, pinggan, tasa, kutsara
23. Sino ang nagpapakita ng wastong pamamaraan ng paglilinis at pag-aayos na sarili?
    A. Si Winston ay humihiram ng damit panloob sa kapatid.
    B. Si Jackson ay nakikigamit ng toothbrush ng kanyang tatay.
    C. Si Matteo ay gumagamit ng shampoo na akma sa klase ng kanyang buhok.
    D. Si Steffi ay hinahayaang humaba nang husto ang kanyang mga kuko sa kamay at paa.
24. Paano mapapanatiling malinis ang kasuotan?
    A. Magsepilyo ng ngipin kung kailan gusto.
    B. Gawing panlaro ang damit na pamasok sa paaralan.
    C. Huwag umupo kung saan-saang lugar nang hindi marumihan ang damit.
    D. Kapag namantsahan o narumihan ang damit, itambak sa labahin upang matanggal ang mantsa.
25. Alin sa mga sumusunod ang kagamitan sa pananahi ng kamay?
    A. kutsara at tinidor C. palakol at asarol
    B. karayom at sinulid D. cellphone at laptop
26. Sino ang nagpapakita ng mabuting pag-uugali bilang kasapi ng mag-anak?
    A. Si Steffi ay laging sumusuway sa utos ng magulang.
    B. Si Jackson ay nagmamano sa magulang bago umalis at pagdating sa bahay.
    C. Si Matteo ay umaalis sa bahay na hindi nagpapaalam sa kanyang tatay o nanay.
    D. Si Winston ay hindi marunong gumamit ng po at opo kapag nakikipag-usap sa nakakatanda.
27. Alin ang gawaing makakatulong sa pangangalaga sa maysakit na kasapi ng pamilya?
    A. Panatilihing malinis at maaliwalas ang silid ng maysakit.
    B. Maglaro sa loob ng silid ng maysakit.
    C. Maghabulan sa kuwarto ng maysakit.
    D. Magkuwentuhan sa silid ng maysakit.
28. Paano ka makakatulong sa pagtanggap ng bisita sa bahay?
    A. Alukin ng maiinom o makakain ang bisita.
    B. Magalang na patuluyin at paupuin sa loob ng bahay ang bisita.
    C. Magalang na magsimula ng kuwentuhano kamustahan sa isa't isa.
    D. A, B at C
29. Alin sa mga sumusunod ang wastong gagamitin sa pagwawalis ng magaspang na sahig at bakuran ng bahay?
    A. walis tambo B. walis tingting C. basahan D. vacuum cleaner
30. Alin sa mga sumusunod ang wastong paraan ng pagwawalis?
    A. Lakasan ang pagwawalis upang hindi lumipad ang alikabok.
    B. Gamitin ang mga kamay na pandakot sa naipong dumi.
    C. Simulan sa sulok ang pagwawalis papuntang gitna.
    D. Umpisahan sa gitna ang pagwawalis.
31. Sa anong pangkat ng pagkakain kabilang ang mga prutas at gulay?
    A. Go B. Grow C. Glow D. Go, Grow, Glow
32. Alin sa mga sumusunod ang hindi kagamitan sa pagsusukat?
    A. iskwalang asero B. meter stick C. ruler at triangle D. patpat
33. Anong uri ng letra ang mga sumusunod: Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh?

A. Text B. Script C. Gothic D. Roman

34. Alin sa mga sumusunod ang produkto na ginagamitan ng basic sketching, shading at outlining?
    A. tocino B. softdrink C. damit pangkasal D. pritong isda
35. Sino sa sumusunod ang gumagamit ng basic sketching, shading at outlining?
    A. inhinyero B. magsasaka C. mangingisda D. magtataho
36. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit sa basic sketching, shading at outlining?
    A. lapis, compass, protractor
    B. asarol, tinidor, pala
    C. kutsara, tinidor, baso
    D. pinggan, kaldero, planggana,
37. Sino ang nakakasunod sa panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan sa paggawa?
    A. Nakikipaglaro si Steffi habang gumagawa.
    B. Si Jackson ay gumagamit ng angkop na kasangkapan sa paggawa.
    C. Inilalagay ni Matteo sa kanyang bulsa ang mga kagamitan sa paggawa.
    D. Hindi marunong mag-ingat si Winston sa paggamit ng mga matatalas na kagamitan.
38. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng di pag-iingat sa kapaligiran?
    A. Magiging masagana ng likas na yaman na pinagkukuna ng materyales.
    B. Maaaring maubos ang mga likas na yaman na pinagkukunan ng materyales.
    C. Lalong gaganda ang ating kapaligiran dahil sa hindi pag-iingat sa likas na yaman.
    D. Mas mapapakinabangan ang kapaligiran dahil sa hindi maayos na paggamit ng likas na yaman.
39. Sino ang nagpapakita ng tamang gawi upang makatulong sa patuloy na pag-unlad?
    A. Si Steffi ay tinatangkilik ang sariling produkto o produkto ng Pilipinas.
    B. Si Matteo tumutupad sa lahat ng kautusan ng batas.
    C. Si Jackson ay nagbabayad ng tamang buwis.
    D. A, B at C
40. Alin sa mga sumusunod ang dapat sundin sa pagpapatayo ng negosyo?
    A. Kumuha ng permiso sa napiling negosyo.
    B. Kumuha ng medical certificate ang nagtitinda.
    C. Kumuha ng sanitary permit at health permit kung ang negosyo ay may kinalaman sa pagkain.
    D. A, B at C

Inihanda ni

**Gng. SHARON H. MANUEL**
Teacher III